

# ANG PANGAKO





***Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa.***

***GENESIS 1:1***

# ANG PASIMULA NG LAHAT NG NILIKHA

Bago ang pasimula ng panahon, walang matataas na mga puno, magagarang mga kabundukan o mabituing kalangitan. Tanging ang Diyos lamang ang naroroon. Sa pamamagitan ng Biblia ay ipinababatid ng Diyos sa atin kung paano nagsimula ang lahat ng bagay.

Nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa mula sa wala. Ngunit ang daigdig ay wala pang hugis at walang laman. Walang anu-ano ay sinabi ng Diyos, *"Magkaroon ng liwanag!"* at nagkaroon nga ng liwanag. Pinatutunayan nito na taglay ng Diyos ang lahat ng kapangyarihan. Sa pamamagitan lamang ng Kanyang makapangyarihang salita ay nilikha Niya ang lahat ng matatagpuan sa langit at sa lupa.

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa loob ng anim na araw. Ito ang katotohanan – hindi Niya kinailangan ng milyun-milyong taon para likhain ang lahat ng bagay. Pinatototohanan ng Biblia ang anim na araw ng paglikha, gaya ng ating mababasa, *"Dumaan ang gabi, at sumapit ang umaga –iyon ang unang araw."* Ganito rin ang sinasabi ng Biblia na naganap sa ikalawa, ikatlo, at hanggang sa ikaanim na araw. Sa bawat araw na iyon ay sinabi ng Diyos, *"Magkaroon,"* at sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang salita ay nagkaroon ng liwanag, kalawakan, lupa, mga karagatan at mga ilog, luntiang mga halaman at mga puno, araw, buwan, at mga bituin, mga isda, mga alagang hayop at mga hayop sa ilang. Mayroong tiyak na kaayusan sa lahat ng nilikha ng Diyos.

Ngunit ang pinakadakila sa lahat ng mga nakikitang nilalang ay ang katangi-tanging nilikha sa ikaanim na araw. Ito ay ang tao, lalaki at babae. Ang lalaki at ang babae ay natatangi sa maraming mga kadahilanan. Si Adan, ang unang tao, ay nilikha ng Diyos mula sa alabok ng lupa. At ang unang babae, si Eva, ay nilikha ng Diyos mula sa tadyang ni Adan.

Natatangi ang tao sapagkat nilikha siyang kalarawan ng Diyos. Hindi ibig sabihin nito na ang tao ay kamukha ng Diyos. Ang tao ay hindi maaaring maging kamukha ng Diyos sapagkat ang Diyos ay espiritu. Hindi tulad ng tao, ang Diyos ay walang laman at buto. Nangangahulugan ito na gaya ng Diyos, ang tao ay walang anumang bahid ng kasalanan nang siya ay likhain. Ganap din ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Sa katotohanan, nang matapos likhain ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga nilikha, sinabi Niya na ang lahat ng mga ito ay *"napakabuti."*

Bukod sa kanilang katawan, binigyan ng Diyos ang lalaki at ang babae ng kaluluwa. Tanging ang tao lamang ang

pinagkalooban ng Diyos ng katawan at kaluluwa. Wala ng iba pang nilalang ang mayroong ganitong kaluluwa.

Pinagkalooban din ng Diyos ang tao ng karapatang pamahalaan ang buong daigdig at lahat ng naririto. Siya ang mangangalaga sa mga isda sa dagat, mga ibon sa himpapawid, mga hayop, sa kalikasan at sa lahat ng mga nilalang na gumagalaw at nabubuhay dito. Tunay na sila ay katangi-tanging nilikha at napakadakila ng tungkuling ipinagkaloob ng Diyos sa kanila.

Ngunit ang lahat ay nagbago dahil sa kasalanan. Hindi natin pinangangalagaan ang nilikha ng Diyos gaya ng nararapat nating gawin.

Inaabuso natin ang napakagandang daigdig na nilikha ng Diyos. Dinudumihan natin ang hangin ng maitim na usok at itinatapon natin ang ating mga basura kahit saan, kahit sa ating mga sapa, ilog, at dagat. Pinapatay natin ang mga hayop at pinuputol natin ang mga puno nang hindi nagtatanim ng kapalit nito.

Hindi tayo nagiging mabuting katiwala ng mga nilikha ng Diyos. Ang ating daigdig ngayon ay hindi na ang napakagandang daigdig na nilikha Niya.

Hindi rin tayo nagiging mabuting katiwala ng ating mga sariling katawan. Inaabuso natin ang ating katawan sa pamamagitan ng labis na pagkain, pag-inom ng alak, at paninigarilyo. Ang lahat ng mga ito ay nagpapakita lamang kung gaano kalalim at kalawak ang bunga ng kasalanan sa ating mga buhay.


Sa halip na abusuhin natin ang ating mga katawan at ang kalikasan, dapat tayong magpasalamat sa Diyos. Dapat natin Siyang pasalamatan sa pagbibigay sa atin ng maayos na kalusugan. Dapat nating alagaan ang ating mga katawan. Dapat nating papurihan ang Diyos sapagkat tayo ay katangi-tanging nilikha, higit sa iba pang mga nilikha. Walang ibang nilikha na may kakayahang mag-isip tulad natin. Walang ibang nilikha na may kakayahang gamitin ang kanilang mga kamay tulad natin. Walang ibang nilikha ang mayroong kaluluwa tulad natin.

Ang ating buhay ay kaloob ng Diyos. Sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, tayo ay magbabalik sa Diyos na nagbigay sa atin ng buhay. Sabay-sabay nating purihin ang Diyos at sabihing, *"O pasalamatan natin ang Diyos, sapagkat Siya ay mabuti!"*

**PARA SA MAS MALALIM NA PAG-AARAL, BASAHIN ANG UNA AT IKALAWANG KABANATA NG AKLAT NG GENESIS SA IYONG BIBLIA.**

***Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Lumalang siya ng isang lalaki at isang babae.***
**GENESIS 1:27**





***Ang kasalana'y pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan niya.***
**ROMA 5:12**

# ANG PANGAKO AY GINAWA

Nang likhain ng Diyos ang lalaki at ang babae, binigyan Niya sila ng mga natatanging katangian at tungkulin sa buhay. Tutulungan nila ang isa't-isa sa kahanga-hangang paraan. Bubuo sila ng pamilya. Ngunit si Adan ay naakay ni Eva sa kasalanan, nang si Eva ay natukso ng diyablo. Kakila-kilabot ang mga bungang idinulot nito sa sanlibutan at sa sangkatauhan. Ating pag-aralan kung paano nangyari ang lahat ng ito.

Matapos na likhain ng Diyos ang daigdig, inilagay Niya ang ating unang mga magulang sa isang magandang halamanan. Tinatawag itong halamanan ng Eden. Tiyak na ito ay isang napakagandang lugar. Lahat ng mga punong-kahoy na kaaya-aya sa paningin at mabuting kainin ay tumutubo roon. Dumadaloy sa halamanan ang isang ilog na nagbibigay ng tubig sa tao, sa mga hayop, at sa mga halaman. Si Adan at si Eva ay maligaya. Ang pagtatrabaho ay hindi isang mabigat na gawain kundi isang kagalakan.

Ngunit isang utos ang ibinigay ng Diyos kay Adan. Sinabi Niyang hindi dapat kainin ni Adan ang bunga mula sa punong-kahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at sa masama. Ang punong-kahoy na ito ay matatagpuan sa kalagitnaan ng halamanan. Sinabi ng Diyos kay Adan na siya ay tiyak na mamamatay kapag kumain siya ng mga bunga mula rito.

Isang anghel na naging makasalanan (tinatawag siyang Satanas) ang lumapit at tinukso si Eva. Nagsinungaling siya nang sabihin niya na *"Tunay na hindi kayo mamamatay: Sapagkat talastas ng Diyos na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Diyos, na nakakikilala ng mabuti at masama."* Naniwala si Eva na ang bunga mula sa ipinagbabawal na punong-kahoy ay mabuting kainin kaya't kumain siya ng ilan. Pagkatapos ay ibinigay niya ang ilang bunga kay Adan at siya rin ay kumain nito. Sinuway nila ang isang simpleng utos ng Diyos kaya't sila ay nagkasala. Nagdulot ito ng kahatulan ng Diyos sa kanila at sa buong sanlibutan. Agad nilang dinanas ang espiritwal na kamatayan at sa paglipas ng panahon, sila rin ay dumanas ng pisikal na kamatayan.

Ang mga bunga ng kasalanan nina Adan at Eva ay nararanasan natin at nananahan sa bawat isa sa atin.

Ikaw at ako ay hindi na nagtataglay ng larawan ng Diyos. Tayo ay makasalanan na. Hindi na natin ganap na kilala ang Diyos.

Batid ng Diyos kung ano ang nangyari. Bilang kaparusahan, pinaalis ng Diyos sina Adan at Eva sa halamanan. Sinabi Niya kay Adan na kailangan na niyang magbungkal ng lupa. Ang

pagtatrabaho ay magiging mabigat at masakit. Ang mga tinik at dawag ay tutubo sa lupain ni Adan. Sinabi Niya kay Adan na ang kanyang katawan ay magbabalik sa alabok kung saan ito nagmula. Sinabi ng Diyos kay Eva na ito ay magdaranas ng hirap sa panganganak. Sinabi rin ng Diyos kay Eva na siya ay susunod sa kagustuhan ng kanyang asawa. At ganito nga ang nangyayari sa bawat lalaki at babae sa sanlibutan sa ngayon, hindi ba?


Ngunit ang Diyos ay hindi lang isang matuwid at makatarungang Diyos. Siya rin ay isang mahabagin at mapagpatawad na Diyos. Ibinigay Niya kay Adan at kay Eva, at sa lahat ng mga makasalanan, ang isang dakila at mapagpalang pangako. Ipinangako Niyang Siya ay magsusugo ng isang Manunubos na Siyang dudurog sa ulo, ibig sabihin, sa kapangyarihan ni Satanas. Ngunit sa pagsasakatuparan nito, ang isinugo ay masusugatan. Ang Manunubos o ang Tagapagligtas na iyon, na ipinangako ilang panahon na ang nakalipas, ay walang iba kundi si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa, kamatayan at muling pagkabuhay mula sa kamatayan, pinalaya Niya ang sangkatauhan mula sa kaparusahan dahil sa kasalanan, sa pagkatakot sa kamatayan, at sa kapangyarihan ni Satanas.

Ikaw at ako ay nangangailangan ng Tagapagligtas. Tayo ay isinilang sa mundong ito na taglay ang sumpa at kapangyarihan ng kasalanan. Minana natin ang kalagayang ito mula sa ating unang mga magulang na sina Adan at si Eva. Sa ating pang araw-araw na buhay, tayo ay nakagagawa ng maraming iba pang mga kasalanan. Hindi natin natutupad ang mga kautusan ng Diyos. Kung tayo ay nagsisinungaling, nagnanakaw, nagmumura, nagkakaroon ng mga masamang pagnanais, nananakit ng ating kapwa, mas pinahahalagahan ang ibang mga bagay kaysa Diyos, tayo ay nagkakasala. Tayo ay nakapag-iisip ng masama. Tayo ay nakapagsasalita ng masama. Tayo ay nakagagawa ng masama. Dahil dito, ikaw at ako ay nararapat sa walang hanggang kamatayan sa impiyerno, isang lugar ng walang hanggang paghihirap.

Ngunit dapat tayong magalak sapagkat tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako na magsusugo ng isang Manunubos. Makikilala natin Siya sa Biblia.

**UPANG HIGIT NA MALAMAN ANG TUNGKOL SA PAGKAHULOG NG TAO SA KASALANAN, BASAHIN ANG IKATLONG KABANATA NG AKLAT NG GENESIS SA IYONG BIBLIA.**





*Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon.*
**LUCAS 2:11**

# ANG PANGAKO AY TINUPAD

Maraming mga siglo ang lumipas mula sa panahon nang unang ibinigay ng Diyos ang pangako kay Adan at kay Eva hanggang sa ipinanganak ang Tagapagligtas. Noong panahon na yaon, nagsugo ang Diyos ng maraming mga natatanging tagapaghatid ng mensahe na tinatawag na mga propeta upang palakasin ang loob ng mga hinirang ng Diyos. Ang mga tao ay nanabik at naghintay sa pagdating ng Tagapagligtas na ito. Nagbigay ang mga propeta ng maraming mga paglalalarawan tungkol sa kung sino ang Tagapagligtas na ito at kung ano ang Kanyang gagawin. Habang tumatagal, naging mas madalas at mas maliwanag ang mga pagpapahayag nila tungkol sa katuparan ng pangakong ito. At nang dumating ang takdang panahon, gaya ng pagguhit ng kidlat at ng pagdagundong ng kulog sa isang maliwanag na araw sa panahon ng tag-init, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan ay isinilang.

Isinilang Siya dalawang libong taon na ang nakalilipas, sa isang maliit na bayan na tinatawag na Bethlehem, sa lupain ng Israel. Isinilang Siya ng isang birhen na nagngangalang Maria. Isinilang Siya sa isang hamak na sabsaban sapagkat wala ng ibang lugar na matutuluyan sa buong Bethlehem.

Ibinalita ng mga angel mula sa langit ang kamangha-manghang pagsilang na ito sa mga pastol. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang mga pastol ay natakot nang makita nila ang isang anghel. Ngunit pinawi ng anghel ang kanilang pagkatakot. Sinabi ng anghel, *"Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon."*

Tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako. Isinugo Niya ang isang Tagapagligtas. Ang katuparang ito ng pangako ay isang napaka-natatanging tao. Siya ay tunay na Diyos at tunay na tao sa iisang katauhan. Siya ay isa kasama ng Diyos Ama at ng Diyos Espiritu Santo.

Nalalaman nating Siya ay tunay na Diyos sapagkat sinasabi sa atin ng Biblia na Siya ay naroroon na nang likhain ang sanlibutan. Siya ay makapangyarihan at walang kasalanan. Sa dalawang pagkakataon ay tinawag Siya ng Diyos Ama na *"ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan."*

Siya rin ay tunay na tao. Kinailangan Niyang kumain at matulog. Siya ay mayroong tunay na katawang pantao at damdaming pantao.

Ngunit sa isang banda, Siya ay kakaiba sa lahat ng mga tao. Bagamat Siya ay tinukso ng diyablo, hindi Siya nagkasala. Siya ay banal at matuwid buong buhay Niya. Nang ang Tagapagligtas na ito, na nagngangalang Jesus, ay tatlumpung taong gulang, Siya ay nagsimulang magturo at mangaral ng mabuting balita. Maraming tao ang lumapit upang Siya ay marinig at makita.

Lumapit sila at nakinig sa Kanya sapagkat Siya ay nagturo at nangaral nang may kapangyarihan. Madalas sa Kanyang pagtuturo Siya ay gumamit ng mga talinhaga, mga kuwentong may kahulugang espiritwal. Isa sa mga talinhagang ito ay ang kuwento ng isang tao na naghasik ng binhi sa kanyang lupa. Ang ilan ay nalaglag sa daanan at kinain ang mga ito ng mga ibon. Ang iba ay nalaglag sa batuhan. Nagsimula itong tumubo ngunit namatay din sapagkat kulang ito sa hamog. Ang ilan ay nalaglag sa dawagan ngunit lumago ang mga dawag at ininis ang mga binhi. Ang ibang binhi ay nalaglag sa matabang lupa. Tumubo ang mga ito at lumago at nagbunga ng marami.

Ipinaliwanag ni Jesus ang kahulugan ng talinhagang ito. Sinabi Niyang ang binhi ay ang Salita ng Diyos. May mga taong nakinig ng Salita ngunit dumating ang diyablo at inalis ang Salita mula sa kanila upang sila ay hindi makapanampalataya at maligtas. Mayroon namang mga nakinig ng Salita nang may kagalakan at naniwala ng sandali. Ngunit nang sila ay maharap sa mga pagsubok, sila ay agad na tumiwalag. Sila ay gaya ng mababaw na lupa sa kabatuhan. Ang binhing nalaglag sa dawagan ay ang Salita ng Diyos sa puso ng mga taong nakinig nito, ngunit ang kanilang pananalig ay nadaig ng mga alalahanin, kayamanan at kalayawan ng mundong ito. Sa wakas, ang Salita ng Diyos ay nahasik sa puso ng marami na nanalig kay Jesus bilang ang ipinangakong Tagapagligtas, namuhay ayon sa kalooban ng Diyos, at naligtas. Nais natin na ang binhi ng mabuting balita tungkol kay Jesus ay punuin ang puso natin ng pananalig, hindi ba?


Gumawa rin si Jesus ng maraming mga himala. Ang mga himalang ito ay makapangyarihang mga gawa na tanging ang Diyos lamang ang makagagawa. Ang mga ito ay nagpapatunay na si Jesus ay ang makapangyarihang Anak ng Diyos. Ipinamalas Niya na Siya ay may kapangyarihan sa kalikasan nang pahintuin Niya ang isang bagyo sa Dagat ng Galilea. Ipinakita Niya na Siya ay may kapangyarihan laban sa sakit nang Kanyang pagalingin ang mga may karamdaman, ang pipi at bingi, at ang bulag. Oo, ipinamalas din Niya na Siya ay may kapangyarihan sa kamatayan nang Kanyang buhayin ang anak na babae ni Jairo, ang anak ng isang balo sa Nain, at ang Kanyang kaibigang si Lazaro.

Ang Jesus na ito, na ang pangalan ay nangangahulugang Tagapagligtas, ang ipinangako ng Diyos kay Adan at Eva. Siya rin ang iyong Tagapagligtas. Sa pamamagitan ng mabuting balita ng Biblia ay malalaman mo kung ano ang Kanyang ginawa upang ikaw ay maligtas. Nawa ang mabuting binhi ay mahasik sa iyong puso upang ikaw ay manalig kay Jesus, ang Anak ng Diyos, at upang ikaw ay magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Kanyang pangalan.

**BASAHIN ANG TUNGKOL SA PAGSILANG NG TAGAPAGLIGTAS SA IKALAWANG KABANATA NG EBANGHELYO AYON KAY LUCAS SA IYONG BIBLIA.**



***Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, Sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita.***
**LUCAS 4:18**



*Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak.*
**JUAN 3:16**

# TINUPAD NI JESUS ANG PANGAKO

Bakit? Bakit si Jesus, ang walang hanggang Anak ng Diyos, ay handang iwan ang kaluwalhatian ng langit upang pumarito sa sanlibutan? Bakit Siya, na mayaman, ay handang maging dukha at mamuhay sa piling ng mga tao? Ang sagot ay matatagpuan sa isang salita – PAG-IBIG! Inibig ng Diyos Ama ang sanlibutan at isinugo ang Kanyang Anak upang mabuhay sa piling natin. Gayon na lamang ang pag-ibig ni Jesus sa atin kung kaya't buong puso Niyang binayaran ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakasakit at kamatayan.

Si Jesus ay tiyak na nagdusa para sa atin. Ninais ng mga puno ng relihiyon sa Kanyang panahon na si Jesus ay patayin. Kinamumuhian nila ang mensahe ng kapatawaran at pag-ibig na Kanyang ipinangaral. Ayaw nilang maniwala na Siya ang Anak ng Diyos. Kaya sa pamamagitan ng tatlumpung piraso ng pilak ay sinuhulan nila ang isa sa mga alagad ni Jesus. Sa halamanan na tinatawag na Gethsemani, sa labas lamang ng lungsod ng Jerusalem, kung saan nananalangin si Jesus, Siya ay dinakip. Dinala Siya upang litisin sa harap ng hukumang pangrelihiyon. Hinatulan Siya dahil sinabi Niyang Siya ang Anak ng Diyos. Ngunit walang kapangyarihan ang mga Judio na ipatupad ang parusang kamatayan. Si Jesus ay ipinadala sa hukuman ng gobernador na Romano, si Poncio Pilato. Doon si Jesus ay tinuya. Siya ay walang awang binugbog at kinoronahan ng matatalas na tinik. Nais ni Pilato na palayain si Jesus sapagkat napatunayan niyang walang sala si Jesus, ngunit sumigaw ang madla, "Ipako siya sa krus, Ipako siya sa krus."

Si Jesus ay ipinako sa krus upang mamatay kasama ng dalawang magnanakaw, sa labas lamang ng mga pader ng Jerusalem, sa isang burol na tinatawag na Golgotha. Habang Siya ay nakapako sa krus, si Jesus ay nagsalita ng pitong ulit. Pinatawad Niya ang mga nagpapako sa Kanya. Ipinakita Niya kung gaano kalaki ang Kanyang pagmamahal sa Kanyang inang si Maria nang ipagkatiwala Niya ito sa pangangalaga ni Juan, isang alagad na minamahal ni Jesus. Binigyan Niya ng katiyakan ng kaligtasan ang nagsising magnanakaw na kasama Niyang napako sa krus nang Kanyang sabihing *"Ngayon di'y isasama kita sa paraiso."* Pagkatapos Niyang magdusa sa loob ng maraming oras doon sa krus, Siya ay sumigaw, *"Naganap na."* Natapos na ni Jesus ang gawaing dahilan ng Kanyang pagparito sa lupa. Siya ay pinarusahan para sa lahat ng mga kasalanan ng sangkatauhan, kasama ang sa iyo at sa akin, sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakasakit at kamatayan. Nang si Jesus ay mamatay, nagkaroon ng lindol sa lupa. Ang opisyal ng mga kawal-Romano na namahala sa pagpapako sa krus ay nagsabi, *"Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito!"*

Si Jesus ay inilibing ng Kanyang mga kaibigan sa isang kalapit na libingan. Isang malaking bato ang itinakip sa harap ng pinto nito. Nilagyan ng gobernador ng tatak ang bato, at pinabantayan ang bungad nito sa mga kawal upang walang sinumang makapagnakaw sa Kanyang katawan.

Ngunit hindi maaaring pigilan ng kamatayan o ng mga kawal ang muling pagkabuhay ni Jesus. Ilang ulit Niyang binanggit ito sa Kanyang mga alagad na Siya ay babangon mula sa libingan. At ganito nga ang nangyari.

Umagang-umaga ng araw ng Linggo, na ngayon ay tinatawag nating Linggo ng Pagkabuhay, ilang kababaihang nananalig kay Jesus ang nagtungo sa Kanyang libingan. Sila'y nag-isip, *"Sino kaya ang magpapagulong ng batong nakatakip sa libingan?"* Ngunit naratnan ng mga babae na ang bato ay naigulong na. Wala na ang mga kawal. Nakita nilang wala ng laman ang libingan. Narinig nila ang tinig ng isang anghel. Ang anghel ay may masayang mensahe, *"Hinahanap ninyo si Jesus. Wala na siya rito. Siya'y MULING NABUHAY tulad ng kanyang sinabi. Halikayo, tingnan ninyo ang pinaglagyan sa kanya. Lumakad na kayo at ibalita sa kanyang mga alagad na siya'y muling nabuhay."*

Anong laking kagalakan ang pumuno sa puso ng mga babae, ng mga alagad, at ng lahat ng nakarinig ng mensaheng ito. Si Jesus, ang Anak ng Diyos, na naging tao upang magdusa at mamatay para sa atin, ay matagumpay na nabuhay muli. Siya ay buhay.

Sa loob ng apatnapung araw ay patuloy na nagpakita si Jesus sa maraming tao, kabilang ang mahigit limandaang tao sa isang pagkakataon. At habang iginagawad Niya ang pagpapala, sa harap ng mga alagad, si Jesus ay dahan-dahan at maluwalhating umakyat sa langit. Doon Siya ay kasama ng Diyos Ama sa pinakamataas na luklukan ng kapangyarihan at karangalan, hanggang sa Siya ay muling magbalik na makikita ng lahat ng tao sa araw ng paghuhukom.

Anong laking kagalakan ang dapat ding pumuno sa iyong puso. Ang iyong Tagapagligtas ay nagdusa at namatay para sa iyo. Pinasan Niya ang kaparusahan para sa iyong mga kasalanan. Si Jesus ay muling nabuhay upang patunayan na Siya ay tunay ngang Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang muling pagkabuhay ikaw ay pinawalang-sala, ibig sabihin, ang iyong mga kasalanan ay pinatawad. Ito ang pangako ng Diyos sa iyo. Ibahagi mo ang pangako. Sinabi ng anghel sa mga babae, *"Humayo kayo at sabihin ninyo sa iba na si Jesus ay buhay!"* Kaya maaari mo ring sabihin sa iba ang mabuting balita na si Jesus ay buhay at Siya rin ang Tagapagligtas nila.

**ANG IKA-27 AT IKA-28 KABANATA NG EBANGHELYO AYON KAY MATEO AY TUMATALAKAY SA KAMATAYAN AT MULING PAGKABUHAY NI JESUS.**



***Hinahanap ninyo si Jesus na ipinako sa krus…Siya'y muling nabuhay!***
**MATEO 28:5,6**



***Pinawalang-sala tayo dahil sa kanyang kagandahang-loob.***
**ROMA 3:24**

# ANG PANGAKO – IKAW AY PINAWALANG-SALA

*"ANO ang dapat kong gawin upang ako ay maligtas?"* Ito ang tanong kay apostol Pablo ng bantay-bilangguan na nanginginig sa takot, maraming siglo na ang nakalipas. Ito rin ang katanungan ng maraming tao ngayon. "Ano ang dapat kong gawin upang ako ay maligtas?" Wala kang magagawa. Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Iniligtas Ka Niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ipinagkakaloob Niya sa iyo ang pangako – ang iyong mga kasalanan ay ipinatawad na. Ikaw ay pinawalang-sala.

Ano ang kahulugan ng mapawalang-sala? Ang pagpapawalang-sala ay isang gawa ng Diyos kung saan ipinahahayag Niyang ikaw ay matuwid alang-alang kay Cristo. Sa pamamagitan ng isang tao, si Adan, pumasok ang kasalanan sa sanlibutan at ang kamatayan dahil sa kasalanan. Gayundin, sa pamamagitan ng isang tao, si Jesu-Cristo, ang buong sanlibutan ay pinawalang-sala. Nang si Jesus ay mamatay sa krus, pinasan Niya ang mga kasalanan ng sangkatauhan. Sinasabi sa atin ng Biblia, *"Ipinataw sa kanya ng Panginoon ang parusang tayo ang dapat tumanggap."* Sapagkat nabayaran na Niya ang kaparusahan sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus, si Jesus ay matagumpay na nabuhay muli. Sinasabi ng Biblia, *"Ipinapatay siya dahil sa ating mga kasalanan at muling binuhay upang tayo'y mapawalang-sala."*

Tayo ay pinawalang-sala ng Diyos, ibig sabihin, pinatawad Niya ang ating mga kasalanan dahil lamang sa Kanyang kagandahang-loob. Ipinaaalala sa atin ng Biblia, *"Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo."* Nangangahulugan ito na iniibig tayo ng Diyos bagamat hindi tayo karapat- dapat. Dahil sa pag-ibig ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak sa sanlibutan gaya ng ipinangako Niya kay Adan at Eva nang sila ay magkasala. Dahil sa kagandahang-loob kung kaya ang Anak ng Diyos, si Jesus, ay handang mabuhay ng matuwid at mamatay ng walang kasalanan doon sa krus. Ginawa Niya ang lahat ng ito bilang iyong kahalili. Ginawa Niya ito alang-alang sa iyo. Sinasabi sa atin ng Biblia na, *"ang pag-ibig at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo."*

Makikita mo, kung magkagayon, na hindi ang anumang ginawa mo o ginagawa mo kundi ang ginawa na ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ang nagliligtas sa iyo. At paano mo makakamtan ang kaligtasang ito? Sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo. *"Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo"*, ayon sa Biblia.

Ang pananalig ay kaloob din ng Diyos. Ang pananalig kay Jesus bilang iyong Tagapagligtas ay ang pagtitiwala, ang katiyakan, na mayroon ka sa Kanya. Kapag sinasabi ng isang Kristiyano, *"Nananalig ako",* nangangahulugan itong nagtitiwala siya sa Diyos at nakatitiyak siya na lahat ng mga

pangako ng Diyos ay matutupad. Ang pananalig na ito ay ipinagkakaloob sa atin at nabubuhay sa ating mga puso sa pamamagitan ng ebanghelyo, ng mabuting balita, gaya ng matatagpuan sa Biblia at sa mga sakramento ng Banal na Bautismo at Banal na Komunyon.

Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos at sa pamamagitan ng pananalig, na kaloob ng Diyos, tayo ay pinawalang-sala, ipinahayag na banal sa paningin ng Diyos. Ang ating mga kasalanan ay tinatakpan ng katuwiran ni Jesu-Cristo. Dahil dito, hindi na tinitingnan ng Diyos ang ating mga kasalanan kundi ang katuwiran ni Jesu-Cristo. Kung magkagayon ipinahahayag ng Diyos na tayo ay matuwid at banal alang-alang kay Cristo.

Ibig sabihin, ginawa na ng Diyos ang lahat. Wala na tayong ano pa mang magagawa at maidadagdag pa para sa ating kaligtasan. At ito ang sinasabi sa atin ng Biblia, *"Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo – hindi ito dahil sa inyong mga gawa, kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman."*

Salungat sa malinaw na mga salitang ito ng Diyos, ayaw tanggapin ng maraming tao ang katuwirang ito. Sinisikap nila na ito ay makamtam sa pamamagitan ng kanilang mga mabubuting gawa. Ngunit ang kanilang mga gawa ay walang halaga sapagkat hindi kailangan ng Diyos ang ating mabubuting gawa upang iligtas tayo. Ang sagot sa katanungan na "Ano ang dapat kong gawin upang ako'y maligtas?" ay - wala. *"Manalig ka kay Jesus"* ang totoong kasagutan. At ang pananalig na iyan ay kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng pangako ng ebanghelyo.


Ngayon ang bawat mananampalataya ay makatitiyak sa kapatawaran ng Diyos sapagkat hindi ito nakasalalay sa kahit anong bagay na ginagawa ng tao. Kung ito ay nakasalalay sa ginagawa ng tao, hindi tayo maliligtas, sapagkat hindi sapat ang ating mga mabubuting gawa upang mapahinuhod ang Diyos. Ngayon ang bawat mananampalataya ay tiyak ang kaligtasan sapagkat ang ating kapatawaran ay ganap na nakasalalay sa kung ano ang ginawa na ni Jesu-Cristo.

Ang iyong kamangha-manghang layunin sa buhay kung magkagayon ay, una sa lahat, malaman ang tungkol sa mabuting balita tungkol kay Jesus mula sa Biblia. Ikalawa, nanaisin mong ibahagi ang mabuting balita sa iyong pamilya, mga kaibigan, kamag-anak at mga kapit-bahay. Sabihin mo sa kanila na ginawa na ng Diyos ang lahat ng ito. Sabihin mo sa kanilang tayo ay pinawalang-sala, pinatawad, dahil sa kagandahang-loob ng Diyos, sa pamamagitan ng pananalig kay Jesus, ang Tagapagligtas.

**MATUTUTUNAN MO NG HIGIT ANG TUNGKOL SA PAGPAPAWALANG-SALA NG DIYOS MULA SA IKATLONG KABANATA NG LIHAM NI PABLO SA MGA TAGA ROMA SA IYONG BIBLIA.**



***Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo.***
**EFESO 2:8**



# ANG PANGAKO – IKAW AY MAY KAPAYAPAAN

Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo.

Natutunan natin ang tungkol sa Ama at ang Kanyang gawain ng paglikha sa daigdig at sa sangkatauhan. Nalaman natin ang tungkol kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, at lahat ng Kanyang ginawa upang iligtas tayo. Ngunit ano naman ang tungkol sa Espiritu Santo? Ano ang ginawa Niya para sa atin?

Ang Espiritu Santo ay tunay na Diyos kasama ng Ama at ng Anak. Sila ay iisa. Sila ay pantay-pantay na makapangyarihan at banal. Ang gawain ng Espiritu Santo ay mayroong malaking kahalagahan para sa atin.

Gawain ng Espiritu Santo, una sa lahat, na ikaw ay tawagin upang manampalataya. Tinatawag ka Niya mula sa mundo ng mga hindi nananampalataya sa pamamagitan ng ebanghelyo sa Salita ng Diyos at sa mga sakramento. Ayon sa iyong likas na katauhan ikaw ay patay sa espiritu. Pinagkakalooban ka ng Espiritu Santo ng espiritwal na buhay. Namuhay ka sa kadiliman ng kasalanan. Ang mananampalataya ay nabubuhay ngayon ayon sa pangako.

Ang ikalawang mahalagang bagay na ginagawa ng Espiritu Santo ay ang pagkalooban ang mga mananampalataya ng maraming kamangha-manghang kaloob na espiritwal. Nalaman natin ang tungkol sa ipinagkaloob na kapatawaran ng kasalanan. Ngunit marami pang ibang kaloob.

Ikaw at ako ngayon ay mayroong kapayapaan sa harapan ng Diyos. Hindi natin kailangang magtago sa Diyos dahil sa takot. Nalaman nating Siya ay isang mapagmahal at mapagpatawad na Diyos. *"ang pagkamatuwid ay nagdulot ng kapatawaran"*, sinasabi sa atin ng Biblia.

Ikaw at ako ngayon ay mayroong pag-asa. Ang ating pang-araw-araw na buhay ay puno nito. Inaasahan ng isang maliit na bata na siya ay makapag-aaral. Ang isang kabataan ay maaaring umaasa na makatatagpo ng isang tapat na asawa. Ang isang nakatatanda ay nag-aasam na magkaroon ng maayos na kalusugan. Ngunit binibigyan tayo ng Espiritu Santo ng isang higit na dakilang pag-asa. Ipinagkakalob Niya sa atin ang pag-asa ng buhay na walang hanggan sa langit. Ipinaaalala sa atin ng Salita ng Diyos, *"Hinihintay natin ang ating inaasahan – ang dakilang araw ng paghahayag sa ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo."*

Ikaw at ako ay may buhay na puno ng kagalakan. Kung tayo ay pinanghihinaan ng loob at nawawalan ng pag-asa dahil sa mga nangyayari sa ating buhay, ang ating espiritu ay sumisigla sa pamamagitan ng ebanghelyo. Ang Diyos ang ating tinatawagan upang humingi ng tulong sapagkat alam nating diringgin Niya ang ating mga panalangin. Bunga nito, ang ating mga buhay ay

***Yamang napawalang-sala na tayo dahil sa ating pananalig sa ating Panginoong Jesu-Cristo, sa pamamagitan niya'y mayroon na tayong kapanatagan sa harapan ng Diyos.***

**ROMA 5:1**

mapupuno ng kagalakan. Mababasa natin sa Biblia, *"Lubos tayong nagagalak sa ating pag-asa na makakasama sa kanyang kaluwalhatian. Bukod dito, nagagalak tayo sa ating mga pagbabata."* Ikaw at ako ay mayroong kaaliwan. Kung dumating man ang mga panahon ng kalungkutan sa ating buhay, maririnig natin ang Salita ng Diyos mula sa Biblia na maghahatid sa atin ng kaaliwan, *"Sa gitna ng kahirapan, ang nadama ko ay aliw. Pagka't buhay ang natamo ng pangako mo sa akin."*


Bukod sa pagbibigay sa atin ng maraming mga espiritwal na kaloob, inaakay tayo ng Espiritu Santo upang kamuhian ang kasalanan at maging masigasig na mamuhay ng banal, puno ng mabubuting gawa. Ang mabuting gawa ay anumang bagay na ginagawa ng isang mananampalataya ayon sa Salita ng Diyos, bunga ng pag-ibig at pagpapasalamat sa lahat ng kabutihan ng Diyos.

Bunga ng ating pananalig kay Jesus, tayo ay nagiging mabuti at mapagpatawad sa iba kung paanong tayo ay pinatawad ng Diyos, alang-alang kay Cristo. Nanaisin nating maging mapagtimpi sa ating kapwa. Ang pagiging mahinahon ay katangian din ng isang mananampalataya. Nanaisin nating pigilin ang bugso ng ating mga damdamin, mga makasalanang pagnanais, at mga makasalanang kinagawian. Ang lahat ng mga katangiang ito ay bahagi ng buhay ng isang mananampalataya na nilikha ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng ebanghelyo.

Mayroon pang isang gawain ang Espiritu Santo sa ating mga buhay. Susubuking pahinain ang ating pananampalataya ng diyablo, ng mga di mananampalataya sa sanlibutan, at pati ng ating sariling makasalanang kalikasan. Sinusubukan nilang ilayo tayo sa paggawa ng mabuti. Ang Espiritu Santo ang nagpapatatag sa ating pananampalataya. Pinapagbagong-muli Niya ang ating pananampalataya upang gawin natin ang kalooban ng Diyos at upang panatilihin tayo sa pananampalataya buong buhay natin, hanggang sa pumasok tayo sa walang hanggang kagalakan sa langit.

Nais ng Diyos na malaman mo na ikaw ay iniligtas na Niya. Pakinggan mo ang Salita ng Diyos. Pag-aralan mo ang Biblia. Sa pamamagitan nito pagkakalooban ka ng Espiritu Santo ng pananampalataya sa iyong puso at aakayin ka na mamuhay ng banal. Hayaan mong ang Salita ay magliwanag sa iyong puso. Kung wala kang Biblia, sikapin mong magkaroon nito. Kung mayroon kang Biblia, basahin mo ito. Matututunan mo ang tungkol sa mabuting balita ni Jesus nang lalong higit sa mga ebanghelyo ayon kay Mateo, Marcos, Lucas at Juan. Nasa kay Jesus ang mga salita ng buhay na walang hanggan para sa iyo.

**IKAW AY HINIHIKAYAT NA BASAHIN ANG IKALIMANG KABANATA NG ROMA SA IYONG BIBLIA.**





***"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay."***
**JUAN 4:6**

# ANG PANGAKO AY NAGHAHATID SA BUHAY NA WALANG HANGGAN

Kung mamatay ang tao, mabubuhay ba siya muli? Ang tugon ng isang hindi naniniwala sa Diyos ay, "Hindi." Sasabihin ng isang dalubhasa sa karunungan, "maaari." Tanging mga anak ng Diyos ang magsasabi ng buong puso at katiyakan na, "Oo." Nagagawang sumagot ng "oo" ng isang mananampalataya sapagkat ang kanyang sagot ay nakasalig sa pananampalataya kay Jesu-Cristo.

Si Jesus mismo ang nangako, *"Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang nananalig sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay; at sinumang nabubuhay at nananalig sa akin ay hindi mamamatay kailanman."* Hindi ba't naranasan na nating magluksa sa pagpanaw ng isang mahal sa buhay? Hindi ba't kamatayan din ang naghihintay para sa atin?

Ang kamatayan ay ang paghiwalay ng kaluluwa mula sa katawan. Tiyak na ang ating mga katawan ay mamamatay at mailalagak sa isang libingan. Ngunit, gaya ng ating nalaman, ang tao ay mayroon ding kaluluwa. Ang kaluluwa ay nagpapatuloy na nabubuhay pagkatapos na mamatay ang katawan. Ang kaluluwa ng hindi mananampalataya ay agad na dinadala sa isang lugar ng walang katapusang kaparusahan na tinatawag na impiyerno. Doon ay nananatili ito kasama ng diyablo at ng mga masasamang anghel. Doon ito ay nagtitiis ng walang hanggang kahirapan.

Sa kabilang banda, ang kaluluwa ng mananampalataya ay agad na tumutuloy sa langit, sa lugar na natatanging tahanan ng Diyos. Doon ito ay nabubuhay kasama ng Diyos at ng mga mananampalataya at gayon din ng mga banal na anghel.

Sa huling araw ng daigdig na ito, si Jesus ay muling magbabalik upang hukuman ang mga buhay at ang mga patay. Sa araw na yaon ang mga katawan ng lahat ng mga namatay ay babangon mula sa mga libingan. Ang mga ito ay muling makakaisa ng kanilang mga kaluluwa. Sa isang banda, ang katawan ng hindi mananampalataya ay makakaisa ng kanyang kaluluwa sa walang hanggang paghihirap sa impiyerno. Sa kabilang banda, ang maluwalhating katawan ng mananapalataya ay makakaisa ng kanyang kaluluwa sa buhay ng walang hanggang kagalakan sa langit.

Hindi tayo nakatitiyak kung ano ang hitsura ng langit. Ngunit ang Biblia ay nagsasabi sa atin ng maraming bagay tungkol sa kung ano ang magiging buhay natin sa langit. Sinasabi sa atin nito na tayo ay makakasama ni Jesus. Ang langit ay magiging lugar ng dakilang kagalakan at kasiyahan. Sa langit ay wala nang anumang karamdaman, kalungkutan, kamatayan at pagluha dahil lahat ng mga kasamaan na naranasan natin sa sanlibutan ay maglalaho na, sapagkat ito ay lugar ng walang hanggang kasiyahan. Doon ay muli nating makakapiling ang lahat ng ating mahal sa buhay na may pananalig kay Jesu-Cristo.

Sa langit ang ating mga tinig ay makakaisa ng mga tinig ng mga anghel na nasa paligid ng trono ng Diyos. Aawitin natin ang kapurihan ng ating Diyos at Tagapagligtas at sasabihing, *“Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, at kalakasan, Papuri, paggalang, at pagdakila!”* Kasama ng mga anghel tayo ay makikiisa sa pag-awit ng buong kagalakan, *“Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Ang Diyos sa nakaraan, sa kasalukuyan, at siyang darating.”* Ang bawat isang anak ng Diyos ay buong pananabik na hinihintay ang araw na iyon kung kailan tayo ay makakasama sa langit ng ating Tagapagligtas.

May isang katanungan, kung gayon, na kailangan mong sagutin. Kung ikaw ay mamamatay ngayon, saan ka tutungo? Ang iyong kaluluwa ba ay papasok sa langit o sa impiyerno? Bakit ka dapat na papasukin ng Diyos sa langit? Tandaan mong hinihingi ng Diyos na ang buhay mo ay dapat na ganap na dalisay at walang bahid ng anumang kasalanan. Ano ang nakikita ng Diyos sa iyong buhay? Ang nakikita niya ay kasalanan. Binabalaan tayo ng Diyos, *“Ang nagkasala ang dapat na mamatay.”* Maraming mga tao ang hindi kumikilala na sila ay makasalanan. Marami rin ang mga nagsisikap na iligtas ang kanilang mga sarili sa pagmamalaking, “Mas mabuti ako kaysa iba. Sinisikap kong gawin kung ano ang tama.” Ngunit sinasabi sa atin ng Diyos, *“Sapagkat sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-ganap sa paningin niya,”* o mapatatawad. Ano ang iyong magagawa? Ginawa na ng Diyos ang lahat para sa iyong kaligtasan. Iniligtas ka ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Si Jesus ay naparito *“upang hanapin at iligtas ang naligaw.”* Si Jesus ay nabuhay nang ganap at dalisay na pamumuhay kapalit mo. Si Jesus ay namatay sa krus para sa iyo at inako ang iyong kaparusahan. Ngayon ikaw ay pinawawalang-sala ng Diyos alang-alang kay Cristo. Ngayon ang Espiritu Santo ay kumikilos sa pamamagitan ng ebanghelyo upang pagkalooban ka ng pananalig. Ang pangako ng Diyos sa iyo ay, *“MANALIG KA KAY JESUS AT IKAW AY MALILIGTAS.”*

**PARA SA LARAWAN NG LANGIT BASAHIN ANG IKAPITONG KABANATA NG PAHAYAG SA IYONG BIBLIA.**

***PANALANGIN***

*Panginoon, sa iyong Salita ay itinuro mo sa akin ang maraming bagay. Nalaman kong ako ay isang makasalanan. Nalalaman kong kailangan ko ng isang tagapagligtas. Ipinakilala mo sa akin si Jesu-Cristo. Siya ang aking Tagapagligtas. Sa kapangyarihan ng ebanghelyo na kasangkapan ng Espiritu Santo, nawa ay lagi akong manalig kay Jesu-Cristo. Sa pamamagitan Niya ay dalhin mo ako sa buhay na walang hanggan sa langit. Sa pangalan ni Jesus ito ay aking hinihiling. Amen.*



***Papahirin ng Diyos ang luha sa kanilang mga mata.***
**PAHAYAG 7:17**

May-akda:
*Harold A. Essmann*
Guhit:
*Patrick McCrae*
Ayos:
*Mark Brunner*

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**
**Sumulat o makipag-ugnayan sa:**

Ang mga teksto mula sa Biblia ay hinango mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA, TAGALOG POPULAR VERSION
Copyright ©2008 Philippine Bible Society

Copyright © 2015-WELS-BWM
PRINTED IN U.S.A.
The Promise-Tagalog
Catalog No. 38-5313

